Fanar
Kuwait Center for Documentation of Humanitarian work

باللغة الفلبينية

Filipino Language

IPC
لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية النجاة الخيرية

# ANG IKAWALONG ALAALA NG KUWAIT ISANG MAKATAONG BANSA

9/9/2014 - 9/9/2022



| | |
|---|---|
| Pangalan ng Bansa | **Kuwait** |
| Kapital | **Kuwait** |
| Lawak | **17,818 km$^2$** |
| Populasyon | **Halos 4,500,000** |




## PANGKALAHATANG PAGPAPAKILALA SA ESTADO NG KUWAIT

Ang Estado ng Kuwait ay isang bansang Arabong Muslim na matatagpuan sa rehiyon ng gitnang silangan sa bandang hilagang kanluran ng Arabian Gulf na kung saan ay hangganan mula sa silangan, at hangganan mula sa hilaga at kanluran ng Iraq, at mula sa timog at timog-kanluran ng Kaharian ng Saudi Arabia, at ang baybayin ng Kuwait ay umaabot sa 290 km. Ang Kuwait ay may siyam na Isla at ito ay ang: Failaka, Bubiyan, Miskan, Warba, Awha, Umm Al-Maradin, Umm An-Naml, Kubbar, at Qaruh.

At ang Isla ng Failaka ay itinuturing na kabilang sa pinakakilalang Isla na naaprubahan sa buong kasaysayan ng tao, sapagkat ang mga naninirahan dito ay maraming sibilisasyon, na kung saan ay nananatili pa rin ang kanilang mga bakas hanggang ngayon.

## PAGIGING MAKATAO NG KUWAIT

Nakilala ang Kuwait mula nang itatag ito sa simula ng ikalabing pitong siglo, partikular sa taong 1613 dahil sa mga gawain nitong kawang-gawa, mga hakbanging makatao at kusang-loob na mga kontribusyon, sa loob at labas ng bansa, at ipinagpatuloy ng Kuwait ang mga katangiang ito hanggang ngayon.

Ang Estado ng Kuwait ay may ginampanang pangunahing papel sa pagsuporta sa gawaing pantao sa mga mamamayan nito at sa mga naninirahan sa lupain nito mula pa noong sinaunang panahon, maging ito man ay sa pamamagitan ng pagkaloob ng mga serbisyo nito sa pamamagitan ng mga opisyal na institusyon, o kaya ay sa mga institusyon ng panlipunan ng sibil at pribadong sektor.

Gayundin na ginampanan nito ang isang mahalagang papel sa mga bansa at mga mamamayan ng mundo sa pamamagitan ng pag-ambag nito sa pag-unlad ng mga bansang ito, sa pamamagitan ng patuloy na pagsuporta nito sa iba't ibang larangan ng buhay, at nagbibigay ng suporta sa mga taong dumadanas ng kahirapan, gutom, sakit at pagharap sa natural na mga sakuna at mga giyera, at samakatuwid ay nagtatag ito ng maraming mga kinatawan na gampanan ang papel na ito kasama na dito ang South and Arabian Gulf Authority at ang Kuwait Fund for Arab Economic Development. Kaya nagbigay ang Estado ng Kuwait ng mga gawad, mga pautang at mga regalong nakatulong sa iba't ibang bansa sa buong mundo sa pagkumpleto ng mga proseso ng pag-unlad ng mga lipunan.

At ang mga tulong na ibinigay ng Estado ng Kuwait sa mga bansa ayon sa istatistika mula 1990 hanggang 2014 ay umabot ng higit sa 42 bilyong dolyar, kasama ang halos 8.5 bilyong dolyar na mga pautang, mga gawad at mga tulong sa pamamagitan ng mga channel ng gobyerno.

Matapos ang pangunguna ng Kuwait sa gawaing pantao at pagsulong ng kaunlaran upang makamit ang kapayapaan, isang ulat ang inilabas ng Organisasyon ng (Global Development Initiatives) sa Britain noong taong 2014 na kung saan ay nakuha ng Kuwait ang unang antas sa Golpo at nangunguna mula sa 20 na mga bansa sa buong Mundo, na may kaugnayan sa pambansang kita, at ang Kuwait ang pinakamapagbigay na bansa. Ngayon, ipinapahayag ng Kuwait ang diskarte nito sa pagiging makatao at boluntaryong pagbibigay, sa pamamagitan ng pagsasama ng kawang-gawa at gawaing pantao sa kanyang istratehikong plano para sa bisyon ng Kuwait "Bagong Kuwait 2035", ang gawaing pantao ay isa sa mga pinakatanyag nitong patakaran, layunin at plano.

## KUSANG PAGKANSELA NG MGA INTERES SA MGA UTANG

Palaging tinutulungan ng Kuwait ang mga kapatid nito mula sa buong mundo at ang mga hakbanging makatao na ginawa ng Kuwait ay inihayag ng yumaong Amir ng Kuwait na si Sheikh Jaber Al-Ahmad Al-Jaber Al-Sabah sa General Assembly ng United Nations noong Setyembre






22, 1988 na kusang kanselahin ang mga interes sa mga utang na inutang ng mga mahihirap na bansa.

## ANG PAGPAPAGITNA PARA SA REPORMA NG MGA BANSA

Ang Kuwait ay may ginampanang isang kilala at malaking papel sa pagreporma ng mga bansa, mga mamamayan at mga organisasyon sa mahabang panahon, at patuloy na ginagampanan ng Kuwait ang papel na ito, bagkus hiniling mula rito na makialam kapag naganap ang mga krisis sa politika sa pagitan ng mga bansa para sa karunungan ng sunud-sunod na pamumuno sa politika at sa malayong paningin nito, at ang kanyang mga kilalang ugnayan, at pagpapahalaga ng lahat para sa kanya, hanggang sa tinawag itong lupain ng pagkakaibigan at kapayapaan.

## INTERNATIONAL HUMANITARIAN CENTER

Noong Setyembre 9, 2014 ay pinili ng Organisasyon ng United Nations ang Kuwait na “isang pandaigdigang sentro para sa gawaing pantao” bilang pagkilala sa mga makataong pagsisikap nito, kawang-gawa at kaunlaran, na kitang-kitang pinagtibay sa mga pagpupulong ng mga donor para sa mga mamamayang Syrian, na ang mga bata ay nagdurusa dahil sa giyera na nagaganap dito, at ang Kuwait ay nag-host ng tatlong pagpupulong sa lupain nito sa mga taon na 2013, 2014, at 2015, gayundin na sumali sa ika-apat na pagpupulong na ginanap sa Britain noong taong 2016.

Ipinagkaloob din ng United Nations sa yumaong Amir ng Kuwait na si Sheikh Sabah Al-Ahmad Al-Jaber Al-Sabah ang isang titulo bilang “Pinunong Makatao” dahil sa kanyang mahusay na pagsisikap sa pagtaguyod ng mga pagpupulong ng mga donor upang matulungan ang mga naapektuhang bansa at mga mamamayan, at kabilang sa mga pagpupulong na ito ay ang isang pagpupulong para sa pagtulong sa mga bata ng Gaza, at isang pagpupulong upang suportahan ang muling pagtatayo ng Iraq.

Sa loob ng maraming taon, ang Kuwait ay nagbigay ng mga tulong at mga gawad sa pamamagitan ng mga pondo ng gobyerno at pribadong pamahalaan ng Kuwait, kabilang na dito ang Kuwait Fund para sa Development na itinatag noong unang bahagi ng ikaanimnapung taon na kung saan ay ang mga pautang nito ay nagkakahalaga ng 13 bilyong dolyar, isang bilyong dinar, na kung saan ay umabot sa halos 1,000 na loan, na mahigit isang daang mga bansa ang nakinabang dito.

Ang Kuwait ay nagpatuloy sa pagbigay ng mga tulong at donasyon sa mga bansa, mga mamamayan at mga makataong organisasyon alang-alang sa katatagan at integridad ng tao. At ang Kuwait ay nagbigay ng maraming mga tulong tulad ng: Nagbigay ang Kuwait ng halagang 300 milyong dolyar noong taong 2007 upang suportahan ang mga Palestinian sa isang pagpupulong ng mga donor sa Paris.

Ang Kuwait ay nagtatag ng isang Fund upang suportahan at pondohan ang mga maliit at katamtamang mga proyekto ng pribadong sektor sa mundo ng Arab ng bilyun-bilyong dolyar sa panahon ng unang Arab Economic Summit noong Enero 20, 2009, na kung saan ay nag-ambag ang Kuwait ng 500 milyong dolyar, at ang Technology and Digital Economy Fund habang pinamunuan ng Kuwait ang ikaapat na Arab Economic and Social Development Summit sa Beirut taong 2019 na may halagang 200 milyong dolyar, nag-ambag ang Kuwait ng 50 milyong dolyar at inihayag ang kumpetisyon ng Abdul Rahman Al-Sumait para sa pagpapaunlad ng kontinente ng Africa.

Ang Kuwait ay nag-donate noong buwan ng Marso 2019 ng 300 milyon US dolyar sa loob ng tatlong taon upang maibsan ang pagdurusa ng mga Syrian, na kung saan ang mga donasyon ng Kuwait sa mga Syrian hanggang Marso 2019 ay umabot sa halaga na 1.6 bilyon US dolyar.

Ang lahat ng mga makataong achievement na ito ay nakamit ng Kuwait at nakoronahan ang pagsisikap nito sa kawang-gawa, upang ang Kuwait ay patuloy na nasa sentro ng pansin ng mundo dahil sa mga gawain nitong makatao at mga marka nitong kawang-gawa na kung saan ay pumuno sa iba’t ibang sulok ng mundo, upang manatiling isang saksi sa pagmamahal ng Kuwait para sa gawaing kawang-gawa na nag-ugat sa mga puso ng pamumuno nito at ng mga mamamayan.





## MGA PAGPUPULONG NG MGA DONOR

Ang Estado ng Kuwait ay nagsagawa ng maraming mga pagpupulong para sa mga donor upang matulungan ang mga apektadong bansa at mga mamamayan, tulad ng mga sumusunod:

- Ang pagpupulong ng mga donor para sa silangang Sudan sa Kuwait noong 2010, at may 42 na mga bansa ang nakilahok dito na may mga pangakong pananalapi at mga kontribusyon sa halagang 3.5 bilyong dolyar, at dinaluhan ito ng 30 na mga panrehiyon at internasyonal na organisasyon, at 78 na mga samahang sibil, at 84 na mga kumpanya, at nag-ambag ang Kuwait ng halagang 500 milyong dolyar.

- Ang unang pagpupulong ng mga donor upang suportahan ang mga Syrian sa Kuwait noong 2013, at may 59 na mga bansa ang nakilahok dito na may mga pangakong umabot sa 1.6 bilyong dolyar, at sa pamamagitan nito ay nagbigay ang Kuwait ng 300 milyong dolyar, at dinaluhan ito ng 13 internasyonal na mga makataong organisasyon na nangako ng 194 milyong dolyar.

- Ang pangalawang pagpupulong ng mga donor upang suportahan ang mga Syrian sa Kuwait noong 2014, at may 69 na mga bansa ang nakilahok dito, at 24 na mga makataong organisasyon na umabot ang mga pangako ng mga bansa ng 6 bilyong dolyar, at nagbigay ang Kuwait ng 500 milyong dolyar, at ang internasyonal na mga organisasyong ay nangako ng 183 milyong dolyar.

- Ang pagpupulong ng mga donor para sa muling pagtatayo ng Gaza sa Cairo noong 2014, at may 50 na mga bansa ang nakilahok sa pagpupulong na ito na nangakong magbigay ng 5.7 bilyong dolyar upang matulungan ang Gaza matapos ang pagsalakay ng Sionista laban dito, at nagbigay ang Kuwait ng halagang 200 milyong dolyar, at ang layunin nito ay upang maitaguyod muli ang Gaza sa mga sektor ng populasyon, mga industriya at mga kaunlaran.

- Ang pangatlong pagpupulong ng mga donor upang suportahan ang mga Syrian sa Kuwait noong 2015, at may 79 na mga bansa ang nakilahok, at 40 na mga makataong organisasyon na may pangakong umabot sa 8.4 bilyong dolyar, at nagkawang-gawa ang Kuwait ng 500 milyong dolyar.

- Ang pang-apat na pagpupulong ng mga donor upang suportahan ang mga Syrian sa Britain noong 2016, at may 70 na mga bansa ang nakilahok na nangakong magbigay ng 9 bilyong dolyar, at nagsagawa ang Britain ang host country ng imbitasyon sa Amir ng bansang Kuwait para sa parangal na pamumuno sa pagpupulong, at nagbigay ang Kuwait ng 300 milyong dolyar sa pagpupulong na ito.

- Ang pagpupulong ng mga donor upang suportahan ang edukasyon sa Somalia sa Kuwait noong 2017.

- Ang internasyonal na pagpupulong tungkol sa pagdurusa ng mga batang Palestinian dahil sa paglabag ng mga Zionist sa kasunduan hinggil sa mga karapatan ng mga bata sa Kuwait noong 2017.

- Ang Kuwait internasyonal na pagpupulong para sa muling pagtatayo ng Iraq sa Kuwait noong 2018, at may 76 na mga bansa ang nakilahok, nangakong magbigay ng 30 bilyong dolyar, at nagbigay ang Kuwait ng isang bilyong dolyar. Gayundin na nagbigay ang Kuwait ng maraming mga tulong sa mga bansa at mga mamamayan na pumukaw sa paghanga ng mundo sa mga tulong na ito.

At ang Kuwait ay nangako sa World Humanitarian Summit sa Turkey noong Mayo 2016 na magbigay ng halagang 5 bilyong dolyar sa loob ng limang taon kasunod ng pagpupulong upang harapin ang mga krisis, kinumpirma ng Kuwait na magpapatuloy ito sa gawaing pantao para sa pag-unlad ng mga bansa at mga mamamayan alinsunod sa landas ng mga pinuno ng Al-Sabah na sumusuporta at naghihikayat ng kabutihan, at mga mamamayan ng Kuwait at mga institusyong sibil at mga pribadong sektor na sumusuporta sa proseso ng gawaing pangkawang-gawa.







## ANG PAGPAPAKAIN SA ISANG BILYONG GUTOM NOONG 2019

Ang International Islamic Charitable Organization ay nagpatibay ng maraming mga proyekto sa kawang-gawa sa iba't ibang bansa sa buong mundo, at ito ay naging isa sa pinakamalaking pundasyon ng kawang-gawa sa buong mundo, at nagtamo ito ng tiwala ng mga gobyerno, mga pang-internasyonal na organisasyon at mga dalubhasang ahensya ng United Nations, gayundin na nakakuha ng pagkakasapi sa pagkonsulta sa Organization of Islamic Cooperation, at naisakatuparan ng Charitable Organization ang malaking mga achievement sa iba't ibang bahagi ng mundo, kabilang sa mga ito ang paglulunsad ng isang kusang (pagpapakain sa isang bilyong gutom) noong taong 2019 na kung saan ay inalagaan ng Estado ng Kuwait, at may 37 na mga makataong organisasyon ang nakilahok sa pagpapatupad nito, halos 3 bilyong mga pagkain ang naipamahagi, at naglunsad ito ng higit sa 331,961 na mga proyekto sa larangan ng pag-unlad ng pamayanan at pagbibigay ng kapanatagan sa mga nangangailangan, at mahigit sa 132,313 milyong mga benepisyaryo ang nakinabang dito, at bilang karagdagan sa pagpapatupad ng 2,468 na mga programa sa pakikipagsosyo sa larangan ng paglaban sa kagutuman at pagpapahusay ng seguridad ng pagkain.

## PAGIGING KASAPI NG UN AT MGA PANG-INTERNASYONAL NA KAGANAPAN

Nakuha ng Kuwait ang kumpiyansa ng pamayanang internasyonal at ng Organisasyon ng United Nations, at nag-host ng maraming mga pang-internasyonal na kaganapan sa kalupaan nito, at kabilang dito:

- Ang nominasyon para sa Kuwait ng mga kasapi ng United Nations para sa bagong termino para sa isang hindi permanenteng pagiging miyembro ng Security Council sa loob ng dalawang taon sa pamamagitan ng 188 na boto mula sa 193 na mga bansa, upang pumalit sa umiikop na pagkapangulo ng Security Council sa buwan ng Pebrero taong 2018 at muling ibalik pagkatapos ng 40 taon ng hindi permanenteng pagiging miyembro nito ng Security Council na kung saan ito ay naganap noong dalawang taon 1978, 1979 na ang Kuwait ay opisyal na sumali sa United Nations noong 1963.

- Ang Kuwait ay nag-host ng International Conference on Integrity para sa kapayapaan noong Enero taong 2019.

- Pinarangalan ng World Bank ang yumaong Amir ng Estado ng Kuwait na si Sheikh Sabah Al-Ahmad sa punong tanggapan ng World Bank upang matugunan ang papel nito sa pagsuporta sa pag-unlad ng lipunan at pang-ekonomiya at muling pasiglahin ang kapayapaan sa antas ng rehiyon at internasyonal.

## MGA KONTRIBUSYON SA KRISIS SA CORONA

Ang Estado ng Kuwait ay nag-panic noong 2020 upang harapin ang pandemiyang corona (Covid-19), at naharap naman nang maayos ang krisis, at ang mga Charitable Society ng Kuwait ay nagsagawa ng isang kampanya ng mga donasyon na nagawa nitong kolektahin ang 9.169 milyong dinar (nasa 30 milyong dolyar) sa loob ng isang araw, at ibinigay ang mga tulong sa mga apektadong tao sa loob ng Kuwait na kung saan maraming apektadong pamilya at manggagawa ang nakinabang dito.

Ang Estado ng Kuwait ay nagbigay ng maraming mga tulong sa maraming mga bansa na apektado ng corona virus pandemic (Covid-19) noong 2020-2021 kabilang ang (Palestinian, Chinese, Iran… at iba pa), at nag-donate ng 60 milyong dolyar sa World Health Organization. Gayundin na nagbigay ng tulong ang mga charitable society sa mga bansang apektado ng corona virus, at maraming mga bansa at mga organisasyong pang-internasyonal na pinuri ang Estado ng Kuwait para sa kilalang papel nito sa pagharap sa corona virus (Covid-19).

## ANG UNANG DONASYON PARA SA AKSIDENTE SA DAUNGAN NG BEIRUT

Ang Kuwait ang unang nagbigay ng masaganang donasyon sa Republika ng Lebanon kasunod ng aksidente ng malaking pagsabog na naganap sa daungan ng Beirut noong Agosto 4, 2020 na naging sanhi ng maraming







pagkalugi sa buhay, pag-aari at imprastraktura, matapos ang pagsagawa ng Kuwait Red Crescent Society sa pamamagitan ng pagsulong ng pangunang lunas sa pamamagitan ng isang tulay sa hangin sa tulong ng puwersang panghimpapawid ng Kuwaiti.

## NAWAF, ANG KABUTIHAN AT PAGBIBIGAY

At sa paniniwala ng lahat ng mga pinuno ng Kuwait sa kahalagahan ng gawaing pangkawang-gawa at pantao, nakaugalian na ang namumuno sa Kuwait ang tumanggap ng posisyon ng honorary president ng Kuwait Red Crescent Society, at nang ang Amir ng Estado ng Kuwait na si Sheikh Nawaf Al-Ahmad Al-Jaber Al-Sabah ay pumalit noong Setyembre 29, 2021, na ang kanyang kamahalan ay naging pinarangalan bilang pangulo ng Kuwait Red Crescent.

Ang kamahalan na Amir ay kinuha ito upang makumpleto ang makatao at kawang-gawa na paglalakbay ng Kuwait, upang patuloy nawa ang mga kamay ng Kuwait na puno ng pagbibigay nang hindi binibilgang, kaya nagsagawa ang kamahalan upang idirekta ang mga kampanya sa pagtulong sa lahat ng mga bansa sa mundo na nangangailangan ng tulong nang walang diskriminasyon, upang muling kumpirmahin ang gawaing kawang-gawa na isang kilalang tampok ng Kuwait at ang mga mamamayan, mga pinuno at bayan ay pareho.

Bilang parangal sa kanyang kamahalan, ang Al-Salam Association for Humanitary and Charities ay nagsagawa ng pagsasaayos ng unang kampanyang pangkawang-gawa sa kanyang pangalan, at ito ay ang kampanya ng "Nawaf Al-Ahmad Humanitarian Trucks" ang kabutihan at pagbibigay tulong sa Syria at Yemen 2021, na ipinatupad sa panahon mula Enero 15 hanggang Pebrero 20, 2021 bilang tulong sa mga refugee at mga lumikas sa Syria at Yemen, at nagawang kolektahin ng kampanya ang 313 trak na umabot sa halagang 1.349 milyong dinar, na katumbas ng 5 milyong dolyar, upang magbigay ng suporta at mga tulong na kung saan may 6 milyong mga benepisyo ang nakinabang dito na naninirahan sa 2,800 na mga kampo sa Syria at Yemen.

## PAGPATAY NG SUNOG SA MGA KAGUBATAN NG MGA BANSA

Ang kontribusyon ng Kuwait sa pagpatay ng apoy sa mga bansang magiliw at magkakapatid, at nang sumiklab ang mga sunog sa kagubatan sa Republika ng Turkey at Greece noong Agosto 2021, ay nagsagawa ang Kuwait ng paghahanda ng mga pangkat ng bumbero kasama ang kanilang mga kagamitan, at ang bawat pangkat para sa dalawang bansa ay binubuo ng 45 na mga bumbero, at ang kanilang kabuuang bilang ay 90 na mga bumbero mula sa Kuwait, na kung saan sila ay nagwagi ng pinakamahusay na kampeonato sa pagpatay ng sunog at sila ay bumalik matapos ang kanilang magiting at kagalang-galang na pagganap sa paglaban sa apoy, gayundin na nagpadala ito ng tulong bilang kontribusyon na maapula ang sunog sa Algeria at Tunisia na sumiklab noong Agosto 2021.

## KONKLUSYON

Ang lahat ng mga achievement na ito sa larangan ng gawaing pantao, ay ginawang sentro ng pansin ng mundo ang Kuwait dahil sa mga gawain nitong makatao at mga marka nitong kawang-gawa sa bawat lugar, upang manatiling isang saksi sa pagmamahal ng Kuwait para sa gawaing pangkawang-gawa at pantao na nag-ugat sa mga puso ng mga mamamayan at pamumuno nito.